**Mga Susing Pangungusap para sa 2022 International Chinese-speaking Conference**

**Ang paggtanggap kay Kristo bilang Espiritu ng biyaya sa ating espiritu**
**ay isang panghabambuhay, tuloy-tuloy na bagay;**
**isang kahanga-hangang dibinong transmisyon ang dapat maganap araw-araw**
**habang masaganang nagtutustos ang Tres-unong ng Espiritu ng biyaya,**
**at patuloy nating tinatanggap ang Espiritu ng biyaya.**

**Ang pamumuhay ng mga Bagong Tipang mananamplataya sa**
**ilalim ng biyaya ng Diyos sa ekonomiya ng Diyos—**
**isang buong pamumuhay ng pagdaranas sa**
**naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang biyaya—**
**ay napasusukdol sa ekklesia bilang ang organikong Katawan ni Kristo.**

**Ang biyaya ay si Kristo bilang ating Tagapagdala ng kabigatan at napararami sa atin**
**sa pamamagitan ng ating mga pagdurusa, mga limitasyon, at mga kahinaan;**
**mas marami tayong kabigatan, mas marami tayong pagkakataong maranasan si Kristo bilang biyaya.**

**Ang napasukdol at sukdulang produkto ng biyaya ng Diyos sa Kanyang ekonomiya**
**ay ang Katawan ni Kristo bilang tula ng Diyos upang maging ang Bagong Herusalem**
**bilang ang pagpapasukdol ng katuwiran ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa;**
**ang mga kayamanan ng Diyos Mismo para sa ating katamasahan ay lumalampas sa bawat limitasyon**
**at hayagang maitatanghal sa walang hanggan.**

*© 2022 Living Stream Ministry*

**Mga Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa International Chinese-speaking Conference**
**Pebrero 18-20, 2022**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG BIYAYA NG DIYOS SA EKONOMIYA NG DIYOS**

Mensahe Isa

## Ang Napakalaking Kahalagahan ng Biyaya ng Diyos alinsunod sa Inihayag sa Bagong Tipan

Babasahin sa Kasulatan: Juan 1:14, 16-17; Heb. 10:29; 1 Ped. 5:10; Efe. 1:5-6; 2:7-8; Apoc. 22:21

**I. Ang biyaya ng Diyos ay isang bagay na may napakalaking kahalagahan—Juan 1:14, 16-17; Efe. 2:7; Apoc. 22:21:**

A. Ang biyaya ay ang pinakadakilang katotohanan at ang pinakamataas na pahayag sa Bagong Tipang ekonomiya—Juan 1:14, 16-17; Heb. 10:29; 1 Cor. 15:10; Fil. 4:23; Apoc. 22:21.

B. Kung nais nating maunawaan kung ano ang biyaya ng Diyos na inihayag sa Bagong Tipan, kailangan natin ng isang malinaw na pananaw ukol sa Bagong Tipan sa kabuuan.

**II. Ayon sa Bagong Tipan, ang biyaya sa katunayan ay kung ano ang Diyos sa atin para sa ating katamasahan—Juan 1:16-17; 2 Cor. 12:9:**

A. Ang biyaya ay ang Diyos hindi sa doktrina kundi sa ating karanasan, sapagkat ang biyaya ay ang Diyos sa loob ni Kristo kalakip ang lahat ng kung ano Siya para sa ating katamasahan; ito ay nagpapaloob ng buhay, kalakasan, aliw, kapahingahan, liwanag, katuwiran, kabanalan, kapangyarihan, at iba pang dibinong kagalingan.

B. Ang biyaya ay pangunahing hindi ang gawaing ginagawa ng Diyos para sa atin; ang biyaya ay ang Tres-unong Diyos mismo na ipinamahagi sa ating katauhan at naranasan natin para sa ating katamasahan—13:14.

C. Ang Bagong Tipan ay isang kasaysayan ng biyaya ng Diyos bilang ang pagkakatawang-tao ng Tres-unong Diyos sa Kanyang dibinong Trinidad na naproseso at napasukdol at kumikilos at namumuhay sa loob at sa kalagitnaan ng mga mananampalataya—Juan 1:14, 16-17; Apoc. 22:21.

**III. Ang biyaya ay ang pagpapakita ng Tres-unong Diyos sa Kanyang pagsasakatawan sa tatlong aspeto—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—2 Cor. 13:14; Bil. 6:22-27; Aw. 36:8-9:**

A. Ang biyaya ay ang Tres-unong Diyos sa Kanyang pagkakatawang-tao upang maipamahagi sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng Ama bilang ang pinagmumulan, sa pamamagitan ng Anak bilang ang elemento, at sa pamamagitan ng Espiritu bilang ang aplikasyon—2 Cor. 13:14:

1. Ang pinagmumulan ng biyaya, ang elemento ng biyaya, at ang aplikasyon ng biyaya ay ang tatlong persona ng Dibinong Trinidad upang maging ating lahat-lahat—Mat. 28:19.
2. Sa dibinong pamamahagi, ang biyaya ay tinatawag na ang biyaya ng Diyos, ang biyaya ni Kristo, at ang biyaya na siyang Espiritu—1 Cor. 15:10; 2 Cor. 1:12; 8:1, 9; 9:14; 12:9; 13:14; Heb. 10:29.

B. Ang biyaya ay ang pagsasakatawan ng Diyos, na naging isang Diyos-tao kalakip ang pagkadibino at pagkatao, na dumaan sa pantaong pamumuhay, namatay, nabuhay na

muli, at pumasok sa pag-akyat sa kalangitan; ngayon Siya ang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob natin—1 Cor. 15:45b; 6:17.

C. Ang biyaya ay ang Tres-unong Diyos na naproseso at napasukdol para sa atin upang matamasa natin Siya—Juan 1:14, 16-17; 1 Ped. 5:10; 2 Cor. 13:14; Heb. 10:29; 1 Cor. 15:10, 45b; Apoc. 22:21.

D. Kung hindi naproseso, ang Tres-unong Diyos ay hindi magiging biyaya sa atin—Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b:

1. Ang Ama ay naisakatawan sa Anak, ang Anak ay natatanto bilang ang Espiritu, at ang Espiritu ay pumapasok sa atin bilang biyaya para sa ating katamasahan—Heb. 10:29.
2. Ipinapamahagi ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili sa atin upang maging ating bahagi bilang biyaya upang matamasa natin Siya bilang lahat-lahat sa Kanyang Dibinong Trinidad—2 Cor. 13:14.

**IV. Biniyayaan tayo ng ating Diyos at Ama "sa loob ng Sinisinta"—Efe. 1:6b:**

A. Ang biyayaan tayo ng Diyos ay nangangahulugan na inilagay Niya tayo sa isang posisyon ng biyaya upang tayo ang maging layon ng Kanyang biyaya at pabor, yaon ay, upang matamasa natin ang lahat ng kung ano ang Diyos sa atin—b. 6b:

1. Dahil tayo ay nasa posisyon ng biyaya at ang layon ng biyaya, ang Diyos ay nalulugod sa atin.
2. Ang kaluguran ng Diyos ay nasa loob natin, tayo ay masaya sa loob Niya, at kalaunan, mayroong myutwal na pagtatamasa; tinatamasa natin Siya, at tinatamasa Niya tayo.

B. Ang Sinisinta ay ang sinisintang Anak ng Diyos, kung kanino Siya ay nalulugod—Mat. 3:17; 17:5:

1. Sa loob ng Sinisinta ay biniyayaan tayo, ginawang layon ng pabor at kaluguran ng Diyos—Efe. 1:6b.
2. Bilang gayong layon, tinatamasa natin ang Diyos, at tinatamasa tayo ng Diyos sa Kanyang biyaya sa loob ng Sinisinta, na Kanyang kaluguran; sa loob ng Kanyang Sinisinta ay nagiging kaluguran din Niya tayo —Mat. 3:17; 17:5.

**V. Sinasabi ni Pablo sa Efeso 2:8, "Sapagka't sa pamamagitan ng biyaya kayo ay nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito ay hindi sa inyong sarili; ito ay ang kaloob ng Diyos":**

A. Ang biyaya ay ang Diyos na ipinamahagi tungo sa atin; samakatwid, ang maligtas sa pamamagitan ng biyaya ay nangangahulugang ang maligtas sa pamamagitan ng pagtataglay sa Tres-unong Diyos na ipinamahagi tungo sa atin.

B. Inihahayag ng Efeso na ang nagliligtas na biyaya ay ang Diyos Mismo na nasa loob ni Kristo na isinagawa sa ating katauhan; kaya, ang maligtas sa pamamagitan ng biyaya sa katunayan ay ang maligtas sa pamamagitan ng pamamahagi ng Tres-unong Diyos tungo sa atin.

C. Kapag ang naprosesong Tres-unong Diyos ay naipamahagi tungo sa atin, Siya ay nagiging ang nagliligtas na biyaya sa atin sa ating karanasan—2 Cor. 13:14.

**VI. Itinalaga tayo ng Diyos noong una pa tungo sa pagkaanak sa "ikapupuri ng kalulwalhatian ng Kanyang biyaya"—Efe. 1:5-6a:**

A. Ang kaluwalhatian ay ang Diyos na nahayag (Exo. 40:34); ang *ang kaluwalhatian ng Kanyang biyaya* ay nagpapahiwatig na ang biyaya ng Diyos, na Siya mismo bilang ating katamasahan, ay naghahayag sa Kanya.

B. Ang pagtatalaga ng Diyos sa atin noong una pa tungo sa pagkaanak ay para sa ikapupuri ng Kanyang kahayagan sa Kanyang biyaya, yaon ay, para sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kanyang biyaya—Efe. 1:5-6a.

**VII. Ipapakita ng Diyos "sa mga kapanahunang darating ang humihigit na mga kayamanan ng Kanyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin sa loob ni Kristo Hesus"—2:7:**

A. Sa Kanyang kagandahang loob sa atin sa loob ni Kristo Hesus, iniligtas tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya; sa gayong kagandahang loob, ang biyaya ng Diyos ay ibinibigay sa atin—b. 7; Roma 2:4.

B. Ang mga kayamanan ng biyaya ng Diyos ay ang mga kayamanan ng Diyos Mismo na ipinamahagi sa atin para sa ating karanasan at katamasahan; nilalampasan ng mga kayamanan ng biyaya ng Diyos ang bawat limitasyon.

C. Sa mga kapanahunang darating—sa milenyo at kawalang-hanggan—ipapakita ng Diyos ang humihigit na kayamanan ng Kanyang biyaya sa buong sansinukob—Efe. 2:7.

*© 2022 Living Stream Ministry*